# Bakit Mahalaga para sa mga Texans na Ibalik ang Aplikasyon ng SBA Loan

**Release Date: Apr 27, 2021**

Ang mga nakaligtas noong Pebrero sa mga matinding bagyong taglamig sa Texas na nag-apply para sa tulong sa sakuna mula sa FEMA ay maaaring i-refer sa U.S. Small Business Administration (SBA) na may impormasyon kung paano mag-apply ng pautang para sa sakuna.

Nag-aalok ang SBA ng mga pautang na may mababang interes para sa lahat ng uri ng mga negosyo- malaki man o maliit, mga pribadong organisasyon na non-profit, mga may-ari ng bahay at ang mga nangungupahan. Ang mga pautang ng SBA na may maliit na interes ay ang pangunahing mapagkukunan ng pondo para sa pag-aayos ng ari-arian ng real estate at pagpapalit ng mga nilalamang nawasak sa panahon ng matinding taglamig na bagyo noong Pebrero. Ang programang ito ay para sa mga walang insurance at sa mga underinsured.

Ang mga pautang sa sakuna na mababa ang interes ng SBA ay sumasaklaw sa mga pagkalugi na hindi ganap na nabayaran ng insurance o iba pang mga mapagkukunan. Ang mga nakaligtas ay hindi dapat maghintay ng isang kasunduan sa insurance bago magsumite ng isang aplikasyon ng pautang sa SBA. Maaari nilang madiskubre na sila ay underinsured para sa mga deductibles, paggawa at mga materyales na kinakailangan upang ayusin o palitan ang kanilang tahanan. Ang isang pautang sa SBA ay maaaring potensyal na masakop ang anumang kakulangan.

Inaprubahan ng SBA ang higit sa $ 110 milyon na pederal na pautang sa sakuna upang matulungan ang mga negosyo sa Texas at makabawi ang mga residente dahil sa bagyong taglamig. Ang mga negosyo, nonprofit at residente na nagtamo ng pinsala dahil sa mga bagyo ay hinihimok na mag-apply para sa isang pautang sa lalong madaling panahon. Ang mga aplikante ay maaaring mag-apply online sa SBA Disaster Assistance o, para sa karagdagang tulong, tumawag sa 800-659-2955 (TTY:800-877-8339). Ang deadline upang magsumite ng isang aplikasyon ay Mayo 20.

Ang Virtual Disaster Loan Outreach Center ng SBA ay bukas ng 7 ng umaga hanggang 7 ng gabi CT sa mga araw ng pagtratrabaho o maaari kang makipag-ugnay sa isang kinatawan ng customer service ng SBA sa pamamagitan ng email sa FOCWAssistance@sba.gov.

**Magagamit ang mga Pautang sa SBA**

- Para sa mga indibidwal at pamilya: Para sa mga may-ari ng bahay, hanggang sa $ 200,000 upang maayos o mapalitan ang pinsala sa real estate at hanggang sa $ 40,000 upang mapalitan ang personal na pag-aari. Para sa mga nangungupahan, hanggang sa $ 40,000 upang maayos o mapalitan ang personal na pag-aari.
- Para sa mga negosyo: Hanggang sa $ 2 milyon upang maayos o mapalitan ang real estate, makinarya at kagamitan, imbentaryo at iba pang mga assets na nasira o nawasak (magagamit sa lahat ng mga negosyo at mga pribadong non-profit na organisasyon). Pinsala sa ekonomiya: Para lamang sa maliliit na negosyo at karamihan sa mga pribadong organisasyong non-profit na malubhang nagdurusa ng pinansyal dahil sa kalamidad (mayroon man o walang pagkawala ng pag-aari): Hanggang sa $ 2 milyon para sa gumaganang kapital upang makatulong na magbayad ng mga obligasyon hanggang sa maipagpatuloy ang normal na operasyon.
- Walang obligasyon na tumanggap ng isang utang sa sakuna, ngunit ang mga nakaligtas ay maaaring palampasin ang pinakamalaking mapagkukunan ng pondo ng pederal na disaster recovery kung hindi sila magsumite ng isang aplikasyon.

Kung ang mga nakaligtas ay hindi pa nakapag-ayos sa kanilang insurance, ang SBA ay maaaring magbigay sa kanila ng pautang para sa buong halaga ng kanilang pagkalugi. Maaari nilang magamit ang kanilang mga insurance proceeds upang mabawasan o mabayaran ang utang sa SBA.

Ayon sa batas, ang FEMA at SBA ay hindi maaaring doblehin ang mga benepisyo.

Kung ang mga aplikante ay hindi kwalipikado para sa isang pautang, ibabalik sila ng SBA sa FEMA at maaari silang isaalang-alang para sa iba pang mga tulong ng FEMA sa ilalim ng programang Other Needs Assistance (ONA).

Ang mga halimbawa ng ONA na hindi nakasalalay sa pagkumpleto ng SBA application ay kasama ang mga sumusunod:

- Mga gastos sa medikal at ngipin na nauugnay sa sakuna.
- Mga gastos na kaugnay sa paglibing na nauugnay sa sakuna.
- Pagtaas ng mga gastusin sa pagpapaalaga ng bata.
- Mga miscellaneous na bagay, tulad ng mga detector ng usok at mga pang-weather na radyo.
- Ibang mga seryosong pangangailangan na nauugnay sa sakuna na hindi saklaw ng insurance o iba pang mapagkukunan.
- Mga bayad sa paglipat at pag-iimbak.

Ang ilang mga uri ng ONA na nangangailangan ng aplikasyon ng pautang sa SBA ay kasama ang mga sumusunod:

- Kapalit ng personal na pag-aari.
- Tulong na pinansyal sa pag-aayos ng sasakyan o mga gastos sa pagpapalit ng sasakyan.

Sa pagpaplano ng kanilang recovery, dapat bigyan ng mga nakaligtas ang kanilang sarili ng pinakamalawak na posibleng opsyon ng mga mapagpipilian. Ang pagsumite ng aplikasyon at pagtanggi ay magbibigay daan para sa ibang mga karagdagang tulong, at kung kwalipikado sila para sa isang pautang, magkakaroon sila ng mapagkukunan kung pinili nilang gamitin ito.

Manood ng isang online na video sa American Sign Language na nagpapaliwanag ng Reasons to Apply for an SBA Loan.

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga bagyo:**

- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa matinding mga bagyong taglamig sa Texas, bisitahin ang fema.gov/disaster/4586. Sundan ang FEMA Region 6 Twitter account sa twitter.com/FEMARegion6.
- Ang mga taong ang unang wika ay hindi Ingles ay maaaring makahanap ng mga pagsasalin ng dokumentong ito sa ibang mga wika sa pamamagitan ng paggamit ng mga sumusunod na mabilis na link sa FEMA.gov: Arabic | Chinese | English | Hindi | Korean | Spanish | Tagalog | Urdu | Vietnamese.